Sanayin Mo

PAGSASANAY 10: Tukuyin kung isahan o maramihan ang kailanan ng pang-uring nakasalungguhit sa pangungusap.

_____ 1. Mapapalad ang mga taong nakaligtas sa daluyong ng bagyong Yolanda.

_____ 2. Si Kitchie ay matulungin lalo na sa mga nangangailangan.

_____ 3. Ang malilinis na damit ay itinago niya sa kabinet.

_____ 4. Nag-abuloy sa bahay-ampunan ang mayamang babae.

_____ 5. Nakarating na kami sa malayong lalawigan.

_____ 6. Laging maiikli ang mga kuko ni Tanya.

_____ 7. Matapang ang boy scout na nagligtas ng kapuwa bata.

_____ 8. Ang mga dalaga sa aming barangay ay masisipag.

_____ 9. Nakatutuwang tingnan ang malulusog na sanggol.

_____ 10. Makikislap ang mga bituin sa langit.

LIVEWORKSHEETS